

Ilagay sa taguan ng mahalagang bagay itong pabatid.

Tiedote tuberkuloosista: filipino

Dapat ninyong ipakita itong pabatid sa manggagamot o kaya'y sa nangangalagang nars.

Pabatid tungkol sa tisis o tuberkulosis at ang pagsusuri ng tuberkulosis

Bakit Kayo ay binigyan ng ganitong pabatid?

Dito sa Finland ang tisis o tuberkulosis ay hindi karaniwan at ito'y pambihirang sakit. Dahil sa mabuting pangangalaga ang sakit na ito ay halos napuksa na o nawawala na. Kayo ay nanggaling sa bansa naang karamihan ay may sakit na tisis o tuberkulosis. Maaari kayong makapagkalat ng sakit na tisis o tuberkulosis sa mga malalapit na mga kasamahan o mga kaibigan ninyo nang hindi ninyo nalalaman. Nang dahil sa inyong sariling kalusugan, malalapit na kamag-anakan at saka mga ibang tao nakasasalamuha ninyo, ang maaaring mapansing sakit, ay mahalagang maalagaan kaagad.

Dito sa Finland gusto nilang pangalagaan ang kalusugan ng mga banyagang nanggaling sa ibang bansa. Dahil binalak ninyong manirahan sa Finland ng higit sa tatlong buwan, binibigyan Kayo ng karapatang makakuha ng walang bayad na pagpakuha ng larawan ng baga, X-ray. Ang pagpakuha ng larawang ito ay sariling-kusa. Sa pamamagitan ng **paglarawan ng baga** ay malalaman kung sa Baga ninyo ay may pagbabago gawa ng tisis o tuberkulosis.

Pagkuha ng larawan ng Baga

Ang tisis o tuberkulosis sa baga ay nakikita kadalasan sa pagkuha ng larawan sa baga o X-ray. Ang pagkuha ng larawan ay walang-panganib. Kung sakali mang kayo ay nagdadalang-tao o nagbubuntis, kailangang sabihin muna ang kalagayan bago magpakuha ng larawan. Ang nagbubuntis na walang nararamdamang palatandaan ay kukunan ng larawan sa baga kapag nasa huling buwan na ng bilang ng pagbubuntis.

Ang pagkuha ng larawan ng baga ay gagawin sa Lunduyan o Sentrong Pangkalusugan na malapit sa lugar na inyong tinitirahan. Ang pagpakuha ng larawan sa baga o X-ray ay walang bayad. Kung sakaling may makitang pagkakaiba sa larawang kinuha, makikipag-alam sila sa Inyo at makikipag-ayos sa mga nararapat at kinakailangang mga karugtong na pagsusuri.

Anu-anong mga palatandaan mayroon kung may sakit na tisis o tuberkulosis?

Ang pinakamahalagang palatandaan ng may tisis o tuberkulosis sa baga ay ang mahabang pag-uubo, mahigit sa tatlong linggong inu-ubo, na sa kahabaan ng panahon nagbabago at nagkakaroon ng maraming kalaghala o plema. Kasama ng pag-iihit ng ubo maaaring may lumabas na naninilaw na kalaghala o plema, maaari ring parang kulay kape o kaya'y may kasamang dugo Ang sakit na ito ay habang tumatagal ay lumalala at nakahihingal at sumasakit ang dibdib.

Ang maysakit ng tisis o tuberkulosis ay maaaring magkalagnat, mangayayat at pinapawisan ng malakas tuwing gabi. Maaaring mawalan ng gana sa pagkain at ang kalagayan ng katawan ay magiging masama. Ang mga palatandaan ay maaaring paiba-iba rin at nababatay o depende sa parte ng katawang dinapuan ng sakit.

Ang mga batang dinadapuan ng tisis o tuberkulosis ay kadalasang humihina ang pag-usbong ng katawan.

Ano ang gagawin Ninyo sakali mang ang mga palatandaan ng tisis ay tumugma sa inyong palatandaan ngayon o kaya'y pagkaraan ng ilang araw o bandang huli?

Makipag-alaman kaagad nang walang pag-aantala sa Sentro ng Pangangalagaan ng Kalusugan sa lugar na inyong tinitirahan. Ang pagpasuri sa manggagamot ay kinakailangan. Ang pagpasuri sa manggagamot ay walang bayad para sa Inyo. Ang kaalaman tungkol sa pagsusuri ng manggagamot ay hindi makakarating sa kaalaman ng Pandarayuhang maykapangyarihan.

Anong mayroon sa tisis o tuberculosis?

Ang tisis o kaya'y tuberkulosis ay hindi kaninong kasalanan. Ang tisis o kaya'y tuberkulosis ay nakahahawang sakit. Ang sanhi ng sakit na ito ay gawa ng *Mikrobyong tuberkulosis* na bakterya. Kadalasan ang sakit na ito ay nakikita sa baga at dito ay bumubuo ng pamamaga't pamumulang pamugaran ng impeksiyon. Magmula dito ang bakterya maaaring kumalat sa dugo o kaya'y sa pamamagitan ng lymph papunta sa ibang parte ng katawan tulad ng lymph nodes, sa bituka, sa balat o kaya'y sa panggitnang sistema ng nerbiyos. Ang tisis o tuberkulosis ay maaaring magkasabay na nasa baga at nasa ibang sistema ng katawan.

Papaano nakahahawa ang tisis o tuberkulosis?

Ang tisis o tuberkulosis ay nakahahawa kahit walang tagapamagitan mula sa isang tao papunta sa ibang tao. Ang bakterya ng tisis o kaya'y tuberkulosis ay kumakalat sa hangin kapag ang taong maysakit ng tisis o kaya'y tuberkulosis magsalita, kumanta, umubo o kaya'y bumahin. Nang sa gayon, ang mga kasamahan sa silid ay maaaring makakuha ng bakterya sa kanyang baga sa pamamagitan ng hanging hinihinga. Pagkatapos, sinuman na nananatiling kasama ng maysakit ng mahabang panahon ay maaaring mahawaan ng sakit. Ang pinakamalaking panganib ay ang mga kasamahan sa bahay kasapi ng pamilya.

Sino ang nagkakasakit ng tisis o kaya'y tuberkulosis?

Ang mga taong nakakuha ng bakterya o nahawaan, sa sampu man sa kanila ay isa lamang ang magkakasakit ng tisis o kaya'y tuberkulosis. Ang madaling mahawaan ay ang maliliit na bata na wala pa sa 5-taong gulang, mga taong nasa kabataang may gulang na, mga matatanda at mga taong mahihina na ang mga panlaban ng katawan sa sakit.

Gaano kadali ang nahawaan ng tisis o kaya'y tuberkulosis bago ito magkasakit?

Ang maliit na bata na wala pang 5-taong gulang na walang bakuna laban sa sakit na ito ay maaaring magkasakit pagkaraan ng ilang linggo o sa loob ng isang buwan pagkatapos na mahawaan at ang sakit ay maaaring lumaganap ng mabilis. Ang taong nasa gulang na at walang anumang karamdaman sa katawan ay karaniwang nagkakasakit pagkaraan ng isa o dalawang taon pagkatapos na mahawaan. Ang nahawaan ng tisis o tuberkulosis ay maaaring magkasakit pagkaraan ng sampung taon simula ng mahawaan. Alalahanin at isa-isip ang mga palatandaan ng tuberkulosis.

Saan at papaano ang pagsusuri ng tuberkulosis?

Ang pagsusuri ay sinisimulan sa Sentrong Pangkalusugan, sa mangangalaga ng kalusugan sa paaralan ng mag-aaral o kaya'y sa mangangalaga ng kalusuga ng mga manggagawa sa trabaho. Ang karugtong na pagsusuri ay ginagawa sa pagamutan o ospital. Ang mga bata ay susuriin sa bahaging pambatang maysakit o sa polyclinic. Ang para sa mga maygulang na ay sinusuri at ginagamot sabahagi ng pagamutan o ospital o sa policlinic.

Kung pinanghihinalaan na maysakit na tuberkulosis, ang gagawin ay kukunan ng larawan sa baga o x-ray at kukuhanan ng plema sample o dura at susuriin. Ang sample na plema o dura ay gagawan ng pagtitinta ng tisis o tuberkulosis at paglinang (pinapatubo) Ang plema sample o dura ay maaaring gawaan, kung kinakailangan, batay sa pagtuklas ng genetic ang mabilis na pagsubok sa tisis o tuberkulosis.

Kung minsan kinakailangang maghahanap sa suot-suot ng bronki o sa mga sanga-sanga ng baga ay gagawin ang tomograpiya (paiba-ibang parte ng baga na kinukunan ng larawan). Kung ang tuberkulosis ay sinusuri sa ibang parte ng katawan maliban sa baga, ginagamit ang iba't ibang pamamaraan ng paglalarawan. Karagdagan pa nito ang parteng dinapuan ng sakit ay gagawan ng paraang makuhanan ng himaymay ng balat o basang sample.

Papaano ginagamot ang sakit na tuberkulosis?

Ang tuberkulosis ay inaalagaan ng may paggamot Ang gamot sa simula ay pinakakaunti na ang apat. Ang karaniwang paggamot sa tisis o tuberkulosis ay umaabot sa kalahating taon. Ang tuberkulosis ay gagaling ng maayos kapag ang tuberkulosis ay nakita kaagad at naalagaan ng gamot at nasunod ang kinakailangang panahon ng paggamot. Ang paggamot ng tuberkulosis dito sa Finland ay mahusay at walang bayad.

Magbasa ng karagdagang kaalaman tungkol sa tuberkulosis sa: www.tuberkuloosi.fi